# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA-108 PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL, IDINAOS NOONG IKA-28 NG SETYEMBRE, 2021, 1:58 NG HAPON SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, RIZAL**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Michell B. Bermundo | - | Pang. Punong Bayan/Tagapamatnugot |
| Kgg. Sophia Priscilla L. Cabral | - | Konsehal |
| Kgg. Ma. Jeca B. Villanueva | - | " |
| Kgg. Patrick John P. Alcantara | - | " |
| Kgg. Joanne Marie P. Calderon | - | " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion Jr. | - | " |
| Kgg. Kyle Georic Y. Gacula | - | " |
| Kgg. Ma. Elaine T. Leonardo | - | " |
| Kgg. Philip Jeison J. Cruz | - | " |
| Kgg. Frank Luster L. Santos | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Roda May A. Diño | - | Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

May Akda at Nagpanukala: Kon. Philip Jeison J. Cruz

Kapwa Nagpanukala : Pang. Punong Bayan Michell B. Bermundo
Kon. Sophia Priscilla L. Cabral
Kon. Ma. Jeca B. Villanueva
Kon. Patrick John P. Alcantara
Kon. Joanne Marie P. Calderon
Kon. Ceferino R. Resurreccion Jr.
Kon. Kyle Georic Y. Gacula
Kon. Ma. Elaine T. Leonardo
Pangulo ng LnB Frank Luster L. Santos
Pangulo ng Ped. ng SK Roda May A. Diño

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**<u>KAPASYAHAN BILANG 376 serye ng 2021</u>**

**PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI G. DAVID Z. ATANACIO JR. AT PAGKILALA SA KANYA BILANG ULIRANG KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY AT BILANG NATATANGING TAYTAYEÑO**

SAPAGKAT, si G. David Z. Atanacio Jr., ay naging kawani ng Pamahalaang Bayan ng Taytay, Lalawigan ng Rizal sa loob ng mahigit dalawampu't tatlong taon sa Tanggapan ng Badyet;

SAPAGKAT, siya ay naglingkod bilang Casual Employee mula Marso 1998 hanggang Agosto 15, 1999 at naging Municipal Budget Officer mula Agosto 16, 1999 hanggang sa kanyang pagkamatay noong Setyembre 25, 2021;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkuran bilang kawani ng Pamahalaang Bayan ay nagpamalas siya ng ibayong sipag, talino, kababaangloob at dedikasyon na nakatulong sa pagpapaunlad sa pamayanan at nagbigay ng hindi matatawarang serbisyo sa Bayan hanggang sa mga huling sandali ng kanyang buhay;

SAPAGKAT, sa maraming pagkakataon ay nakita sa kanya ang kanyang pagiging matulungin at mabuting halimbawa bilang mamamayang may pagmamahal sa kaunlaran ng ating bayan;

SAPAGKAT, ang buong bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Kgg. Punongbayan George Ricardo R. Gacula II at ang bumubuo ng Saangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa lingkod bayan patungo sa kaharian ng Dakilang Maylikha;

LUBUSAN PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya, ANG PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI G. DAVID Z. ATANACIO JR. AT PAGKILALA SA KANYA BILANG ULIRANG KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY AT BILANG NATATANGING TAYTAYEÑO.

PINAGPASYAHAN PA, na siya ay kilalanin bilang isang Natatanging Taytayeño sa Bayan ng Taytay, Lalawigan ng Rizal.

PINAGPASYAHAN PANG MULI, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-28 ng Setyembre, 2021, 2:12 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahang ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-108 Pangkaraniwang Pulong nang ika-28 ng Setyembre, taong 2021 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**SONIA C. SAMSON**
Kalihim ng Sangguniang Bayan
OIC

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. MICHELL B. BERMUNDO**
Pang. Punong Bayan / Tagapamatnugot

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. CEFERINO R. RESURRECCION JR.**
Konsehal

**KGG. KYLE GEORIC Y. GACULA**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal

**KGG. FRANK LUSTER L. SANTOS**
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

**KGG. RODA MAY A. DIÑO**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan